JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 8:

### Pagsulat ng Talata



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsulat ng Talata**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Juvie Arguelles

**Editor/Tagasuri:** Arnie P. Taclap/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Gerald V. Dumat-ol

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma L. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public School District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Ako'y lubos na nasisiyahang ipaalam na sa araling ito ay matututunan mong gamitin ang pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa tao, lugar at bagay sa iyong paligid.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakakasulat ng talata at liham nang may wastong baybay at gamit ng malaki at maliit na letra.- **(MELC F2KM-IIIbce-3.2)**



## *Balikan*

**Panuto sa Mag-aaral:** Lagyan ng tsek ✓ ang pangngalan na naangkop sa larawan.



Peter

nagpaalam



nagyakapan

magkaibigan



nagmahalan

pamilya



luntian

bahay



Cagayan River

paglalakbay



martilyo

Pag gawa

| Aralin 8 | Pagsulat ng Talata at Liham |
| --- | --- |

## *Tuklasin*

Panuto: Isulat ang wastong ayos ng pangungusap.

1. aalis kami bukas
2. masakit ang aking ngipin
3. sasama ba kayo
4. malapit na ang pyesta
5. kakain ako

## *Suriin*

Ganito ba ang inyong mga sagot?

1. Aalis kami bukas.
2. Masakit ang aking ngipin.
3. Sasama ba kayo?
4. Malapit na ang pyesta.
5. Kakain ako.

**Alam mo ba?**

Ang mga malalaking titik ay ginagamit natin sa **simula ng pangungusap**, tiyak na **ngalan ng pangngalan, pamagat ng kwento o palabas at sa mga buwan at araw.**

1. Tiyak na **PANGNGALAN** (nouns)

Ang lahat na tiyak na ngalan ng TAO, BAGAY, LUGAR, PANGYAYARI at HAYOP ay nakasulat sa malaking titik.

HALIMBAWA :

Anna - TAO
Mongol – BAGAY (lapis)
Bohol - LUGAR
Pasko - PANGYAYARI
Bantay – HAYOP (aso)

2. Sa pamagat ng aklat o palabas

Ang mga aklat, ang kwento ganoon din ang mga palabas ay ginagamitan ng malaking titik. Ang bawat salita ay nagsisimula sa malaking titik.

HALIMBAWA:

Ang Pagbababago sa Buhay ng Batang si Jose – (pamagat ng kwento)

3. Sa mga buwan (months) at araw (days)

HALIMBAWA

Buwan: Enero, Hunyo, Setyembre, Disyembre

Araw: Lunes, Martes, Huwebes, Linggo

Basahin ang talata at pansinin ang mga naka kahon.

malalaking titik ay ginagamit natin sa simula ng pangungusap

Sa mga buwan (months) at araw (days)

Tuwing gabi ng Sabado, dumaraan ang trak sa harap ng Araneta Concert Hall. Sakay ng trak ang isang tropa ng musikero. Marami sa kanila ang may hawak na trumpeta ngunit kagabi, kaunti lamang sila dahil marami sa kanila ay dinapuan ng trangkaso.

Lugar

Angkop na bantas sa pangungusap

Ang isang talata ay isang serye ng mga pangungusap na nakaayos at magkakaugnay, at lahat ay may kaugnayan sa isang paksa.

Sa pagsulat ng talata, kailangan mayroong wastong baybay, bantas at gamit ng malaki at maliit na letra.



## *Pagyamanin Natin:*

Panuto: Iwasto ang tamang bantas at tamang paggamit ng malaking titik.

si lito

si lito ay batang palasagot. Noong lunes, maagang umuwi mula sa paaralan si gng. santos Narinig niyang sinisigawan ni Lito ang kasambahay. pinagsabihan niya itong pumasok sa kuwarto at kinausap Paglabas nila ng silid, pinuntahan ni Lito si Lita na kasambahay at humingi ng paumanhin



## *Isaisip*

1. Sa pagsulat ng talata, kailangan mayroong wastong baybay, bantas at gamit ng malaki at maliit na letra.

2. Ang isang talata ay isang serye ng mga pangungusap na nakaayos at magkakaugnay, at lahat ay may kaugnayan sa isang paksa.

3. Ang mga malalaking titik ay ginagamit natin sa simula ng pangungusap, tiyak na ngalan ng pangngalan, pamagat ng kwento o palabas at sa mga buwan at araw.



## *Tayahin*

Panuto: Lagyan ng tsek ang  pangugusap kung ito ay tama at  ekis naman pag mali.

____1. Ang mga malalaking titik ay ginagamit natin sa simula ng pangungusap.

____2. Kailangang tama ng bantas at baybay ng ga pagungusap sa talata.

____3. Malalaking titik sa simula ang gagamitin sa pagsulat ng mga araw at buwan.

____4. Ang isang talata ay nagsasaad ng isang ideya.

____5. Maliliit na titik sa simula ang gagamitin sa pagsulat ng mga pamagat ng aklat o palabas.

## *Karagdagang Gawain*

Basahin ang talata. Iwasto ang mga bantas at tamang paggamit ng malaking titik

habang abala sa paglalaro si james ng kanyang Super Heroes sa sala, nakarinig siya ng malakas na katok sa pinto Ang kanyang Ama ay abala din sa pag aayos ng sirang koridor sa taas kaya't hindi niya narinig ito. naisipan ni james na silipin sa bintana ang kumakatok sa pintuan ngunit wala siyang nakita doon. lumapit si james sa Pintuan at binuksan ito ng konti at nakita niyang may malaking kahon na nakalapag



# Susi sa Pagwawasto

### Tayahin

Lagyan ng tsek ✓ ang pangugusap kung ito ay tama at ekis ✗ naman pag mali.

✓ 1. Ang mga malalaking titik ay ginagamit natin sa simula ng pangungusap.

✓ 2. Kailangang tama ng bantas at baybay ng ga pagungusap sa talata.

✓ 3. Malalaking titik sa simula ang gagamitin sa pagsulat ng mga araw at buwan.

✓ 4. Ang isang talata ay nagsasaad ng isang ideya.

✗ 5. Maliliit na titik sa simula ang gagamitin sa pagsulat ng mga pamagat ng aklat o palabas.

### Subukin

Panuto sa Mag-aaral: Lagyan ng ✓ ang pangngalan na naangkop sa larawan.



## *Sanggunian*

Villafuerte, P., Ona, L., 2003. Pagdiriwang ng Wikang Filipino 2. Binagong Edisyon 2010 Diwa Scholastic Press Inc.,

Liwanag, L., 1999. Landas sa Wika at Pagbasa 2. Karapatang Pag-aari 1999 ng Dane Publishing House Inc. pp.

Kagawaran ng Edukasyon. Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang. Inililimbag sa Pilipinas ng Rex Book Store Inc.

https://brainly.ph/question/553898

https://www.slideshare.net/mydearest/gamit-ng-malaking-titik-30173793

Conti, Therezia O. et. al. Komikasyon sa akademikong filipino. Filipino 1. 2009. Grandbook Publishing, Inc., Pateros, Manila.

Casanova, Arthur P. et al. Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina. 2001.

https://www.deviantart.com/edtadeo/art/Kalabaw-52376818